DepEd Advisory No. 395, s. 2014
October 17, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PINULUNGAN NGAN PANURAT: PAMBANSANG KUMPERENSIYA
SA WIKA AT PANITIKANG WARAY

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Leyte Normal University (LNU), pamahalaang panlalawigan ng Leyte, at pamahalaang lungsod ng Tacloban, at iba pang ahensya ng pamahalaan ay magdaraos ng *Pinulungan Ngan Panurat: Pambansang Kumperensiya sa Wika at Panitikang Waray* na gaganapin mula ika-9 hanggang ika-11 ng Disyembre 2014 sa LNU Gymnasium, Leyte Normal University, Lungsod Tacloban, Leyte.

Ang Kumperensiya ay naglalayong maitampok ang wika at panitikang Waray at matalakay ang mga kinakaharap nitong mga isyu at pagbabago bilang mahalagang sandigan sa pagpapaunlad pa lalo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga sesyon ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Panitikang Waray at ang Pagbubuo ng Panitikang Pambansa;
2. Waray Drama;
3. Ang Kasalukuyang Kalagayan ng Panitikang Waray;
4. Maglain-lain nga Waray: Waray Language Variants;
5. Waray/Filipino: Estado ng Wikang Waray Vis-à-vis Filipino; at
6. Mga Gamit-Panturo sa Wikang Waray sa Konteksto ng *Mother Tongue-Based-Multilingual Education* (MTB-MLE).

Inaasahang dadalo sa gawaing ito ang mga kinatawan na manggagaling sa Rehiyon VIII, mga punungguro, mga koordineytor/tagapag-ugnay, mga guro ng Waray sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya (pampubliko at pribado) o sinumang hihiranging kinatawan ng paaralan, mga gurong nagtuturo ng asignaturang ang wikang panturo ay Waray.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdaragang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Dr. Alvin Rom De Mesa
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/F Watson Building, 1610 JP Laurel Street
  Malacañan Palace Complex, San Miguel, Maynila
  Telepono Blg.: (02) 736-2524; (02) 736-2525; (02) 736-2519; (02) 734-5547
  (02) 736-3830; (02) 733-7260; (02) 516-0326
  Mobile Phone Blg.: 0928-336-4862
  Email Adres: ar_demesa@ymail.com; komfil.gov@gmail.com
  Website Adres: www.kwf.gov.ph

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
  Mobile Phone Blg.: 0928-348-5870; 0932-634-8721
  Email Adres: jinghinampas@gmail.com